Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas
Kolehiyo ng Sining
**KAGAWARAN NG KASAYSAYAN**
Sta. Mesa, Maynila

# BALANGKAS NG KURSO

**Pamagat:** **Kasaysayan ng Pilipinas, Pulitika at Pamamahala**
**Hist1033 (3 Units)**

**Pagpapaliwanag:**

Ang asignaturang ito ay isang pangkalahatang pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas kasama ang pulitika at pamamahala nito. Ito ay nahahati sa tatlong bahagi: una ay ang panimula na tumatalakay sa panimula ng kurso at heograpiya ng bansa; ikalawa ay ang kasaysayan ng Pilipinas; at ikatlo ay ang pulitika at pamamahala sa bansa, kabilang na ang aspetong pamahalaan at ang Saligang-Batas ng 1987. Sa kasaysayan, nakapaloob ang pagtalakay sa iba't ibang karanasan ng mga Pilipino simula nang pagsilang ng kanilang kabihasnan tungo sa panahon ng mga dayuhan at pagkamit ng kalayaan hanggang sa mga kaganapan sa kasalukuyang panahon. Gayun din, ang bahaging ito ay tumatalakay sa mga pagbabago sa istrukturang pulitikal, kabuhayan at sosyo-kultural na nakakaapekto sa kalagayan ng mga Pilipino sa iba't ibang panahon. Sa ikatlong bahagi, binibigyang-diin sa kursong ito ang pagsusuri sa mga kaganapang pampulitika ng bansa, mga tungkulin ng pamahalaan, mga elemento at suliranin ng nasyon at estado, at ang Saligang-Batas ng 1987.

***Pre-requisite:*** Wala

**Mga Layunin:**

A. Panlahat na Layunin.

Pagkatapos ng pag-aaral sa kursong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahan na maging responsableng mamamayan na nag-iisip sa kabutihan ng kanyang kapwa at nakikibahagi sa mga local at pambansang kaganapan na nakakaapekto sa panlahat na kaayusan.

B. Mga Tiyak na Layunin:

Upang maisakatuparan panlahat na layunin ng kursong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahan na:

1. makilala ang kahalagahan ng heograpiya at kasaysayan sa pagbuo ng isang matatag na pamahalaan, lipunan, at bansa;
2. maunawaan ang mga kalakasan at kahinaan ng Pilipinas bilang nagsasariling bansa;
3. matukoy at mailarawan ang mga pagbabagong pulitikal at sosyo-kultural sa mga nagdaang panahon at maiugnay ang mga ito sa mga kaganapan sa kasalukuyang panahon; at,
4. makilala ang tungkulin ng pamahalaan sa mga mamamayan, mga suliranin ng nasyon at estado, at mga karapatang itinakda ng Saligang-Batas ng 1987.

**Balangkas ng Kurso:**

**<u>Unang Bahagi</u>: Panimula.**

A. Pagtalakay sa: (*1.5 Oras*)
   1. Kahalagahan ng Kurso
   2. Balangkas ng Kurso
   3. Mga Kinakailangan ng Kurso
   4. Mga Gagamiting Sanggunian

B. Pagbibigay Katuturan sa mga Salita: (*1.5 Oras*)
   1. Kasaysayan
   2. Heograpiya
   3. Kultura
   4. "*Acculturation*"
   5. Nasyonalismo
   6. Nasyon at Estado
   7. Nasyon-Estado
   8. Pamahalaan at Burukrasya
   9. Demokrasya
   10. Soberanya
   11. Konstitusyon
   12. Republika

C. Heograpiya ng Pilipinas (*3 Oras*)
   1. Lokasyon at Pambansang Teritoryo
   2. Topograpiya
   3. Panahon at Klima
   4. Mga Likas na Yaman
   5. Mga Rehiyon at mga Lalawigan

**<u>Ikalawang Bahagi</u>: Kasaysayan ng Pilipinas**

A. Sinaunang Kabihasnan ng Pilipinas (*4.5 Oras*)
   1. Mga Teorya sa Pinagmulan ng Pilipinas/mga Pilipino
   2. Pamayanang Paleolitiko, Neolitiko, Metal
   3. Pamayanang Barangay (Luzon at Visayas)
   4. Pamayanang Kampong ng Sulu at Maguindanao (Mindanao)
   5. Ang mga "*Least Acculturated Society*"

6. Sinaunang Pakikipag-ugnayan sa mga Dayuhan

B. Simula ng Kolonyalismo at Imperyalismo [sa Pilipinas] (*6 Oras*)
   1. Kahulugan ng Kolonyalismo at Imperyalismo
   2. Pagdating ng Espanya sa Pilipinas
   3. Pagbabago ng mga Pamayanan: "*Reduccion*" at "*Divide et Empera*"
   4. Kolonyal na Pamamahala ng Espanya
   5. Pagbabago sa Larangang Ekonomiya at Sosyo-Kultura
   6. Pagbabago sa Larangang Pulitika: Ang *Alcaldia*

C. Pagsilang at Pag-unlad ng Nasyonalismong Pilipino (*4.5 Oras*)
   1. Mga Naunang Pag-aalsa
   2. Kilusang Propaganda
   3. La Liga Filipina at Katipunan
   4. Rebolusyon ng 1896-1898 (kabilang na sa mga Lalawigan)
   5. Republika ng Biak-na-Bato

**-- M I D - T E R M   E X A M I N A T I O N --** (*1.5 Oras*)

D. Panahon ng mga Amerikano (*4.5 Oras*)
   1. Pamahalaang Rebolusyonaryo
   2. Kongreso at Saligang-Batas ng Malolos
   3. Pamahalaang Militar at Sibil
   4. Mga Pagbabago sa Larangang Pulitika, Ekonomiya, at Sosyo-Kultura
   5. Ang Komonwelt ng Pilipinas

E. Ang Pilipinas sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig (*4.5 Oras*)
   1. Pamahalaang Militar
   2. Ikalawang Republika sa Ilalim ng mga Hapones
   3. Mga Suliranin sa Larangang Pulitika, Ekonomiya, at Sosyo-Kultura
   4. Wakas ng Digmaan at mga Suliraning Dulot nito

F. Ang Ikatlong Republika ng Pilipinas (*6 Oras*)
   1. Mga Pamamahala ng mga Pangulo ng Bansa (Roxas-Arroyo)
   2. Ang Pilipinas sa Hamon ng Kasalukuyang Daigdig (*vis-à-vis Globalization*)
   3. Panlabas na Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas

**Ikatlong Bahagi: Pamahalaan ng Pilipinas (sa Kasalukuyan)**

A. Istruktura at Mga Sangay ng Pamahalaan ng Pilipinas (*1.5 Oras*)

B. Kultura sa Burukrasya, Pulitika, at Lipunan ng Pilipinas (*3 Oras*)

C. Nasyon vs. Estado sa Lipunang Pilipino (*1.5 Oras*)

D. Ang Saligang-Batas ng Pilipinas (1987) (*3 Oras*)
(Mga Artikulo 1, 3, 4, 6, at 7)

E. Ang "*Philippine Democracy*" (*3 Oras*)

F. Paglalahat (*Integration*) (*1.5 Oras*)

**Paglalahat** (*1.5 Oras*)

**-- F I N A L E X A M I N A T I O N –** (*1.5 Oras*)

**Mga Kailangan:**

1. Regular na pagpasok sa klase (hindi lalampas ng 10% na pagliban mula sa kabuuang araw ng pagpasok sa buong semestre).
2. Pag-uulat sa klase tungkol sa mga nakatakdang paksa.
3. *Reaction paper* o *summary report* at balangkas ng ulat.
4. *Term paper*, pananaliksik o *article/book review*.
5. Partisipasyon sa talakayan at mga gawain sa klase.
6. Mga Maikli at Mahabang Pagsusulit.
7. Mid-term Examination at Final Examination.

**Paraan ng Ebalwasyon:**

1. Mga maikli at mahabang pagsusulit
2. Pangkalahatang *(Summative)* Pagsusulit
3. *Reaction Paper* at *Summary Report*
4. *Recitation* at *Oral Examination*
5. *Peer Evaluation*

**Sistema ng Pagmamarka:**

(Tignan ang Grading System)

**Pamamaraan/Metodolohiya ng Pagtuturo:**

1. Pagbibigay ng paliwanag sa katuturan ng mga pangunahing konseptong pag-

aaralan;

2. Paggamit ng mapa, larawan, at kagamitang *audio-visual* bilang mahahalagang instrumento sa pagbibigay katuturan sa mga makasaysayang kaganapan;
2. Pagkakaroon ng malayang palitan ng kuru-kuro at pananaw tungkol sa mga bagay-bagay na pag-aaralan;
3. Pagpapanood ng mga pagtatanghal at pelikula na may kinalaman sa kasaysayan at dokumentaryong pangkasaysayan;
5. Pagbibigay ng payo sa mga tagapag-ulat at ng impormasyon hinggil sa mga sangguniang gagamitin;
6. Pagdalo sa mga panayam-palihan; at,
7. Pagdalaw sa mga makasaysayang pook at museo.

**Mga Gawain:**

1. Malayang Talakayan
2. *Group Dynamics*
3. *Panel Discussion*
4. *Film Showing* at
5. Pagtatalo/Debate
6. *Role Playing*/*Socio-Drama*
7. Paggawa ng Tsart at Album
8. Monologo/Sabayang Pagbigkas

**Mga Sangguniang Aklat**:


Abinales, Patricio N. and Donna Amoroso. State and Society in the Philippines. Anvil Publishing. 2005.

Abupta, Jose. Philippine Politics, Nationalism & Emerging Ideologies: Background for Constitution Making. 1975.

Agoncillo, Teodoro A. History of the Filipino People. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co. 1997.

Aruego, Jose. Principles of Political Science. University Book Supply Inc. 1991.

Bien, Jesus B. and Gil E. Aringay. The Constitution of the Philippines. 1997.

Constantino, Renato. The Philippines: A Past Revisited. Vol. 1. Manila. 1975.

Constantino, Renato. The Continuing Past, Vol. 2. Manila. 1975.

Corpuz, Onofre D. The Roots of the Filipino Nation. Vols. 1 & 2. Aklahi Foundation, Inc. 1989.

Encarnacion-Tadem, Teresa S. and Noel M. Morada. Philippine Politics and Governance: An Introduction. Quezon City: UP Department of Political Science, 2006.

Karnow, Stanley. In Our Image: America's Empire in the Philippines. Ballantine Books. 1989.

Kasaysayan: The Story of the Filipino People. Vols. 1-10. Asia Publishing Company Limited. 1998.

Nolledo, Jose N. Student's Manual on the New Constitution with Study Helps. Mandaluyong City: National Bookstore, 1998 (Reprint).

Paredes, Ruby. Philippine Colonial Democracy. Ateneo de Manila University Press, 1989.

Shalom, Stephen R. The United States and the Philippines: A Study of Neocolonialism. Institute for the Study of Human Issues, 1981.

Inihanda nina:

**Prop. Mc Donald Domingo M. Pascual**

**Prop. Raul Roland R. Sebastian**

**Mr. Jerome P. Permejo**

Binigyang-pansin:

**Prof. Raul Roland R. Sebastian**
*Tagapangulo*, PUP Kagawaran ng Kasaysayan

**Dr. Nenita F. Buan**
*Dekana*, Kolehiyo ng Sining

*2nd Revision: June 15, 2012*
*Copyright by the PUP Department of History, October 18, 2002.*